

Busload of Books Tour: Pagbisita sa Paaralan at Impormasyon sa Pananaliksik

Sa loob ng ilang linggo, bibisita sa inyong paaralan ang dalawang batikang manunulat/ilustrador ng mga librong pambata na sina Matthew Swanson at Robbi Behr, magsasagawa ng mga pagpupulong at magkakaloob ng hardcover na libro sa bawat estudyante at guro. Ang kanilang pagbisita ay bahagi ng “Busload of Books Tour”, na kung saan gugugulin nina Robbi, Matthew, at ng kanilang apat na anak ang taon ng pag-aaral 2022-2023 sa paglalakbay sa bansa nang binibisita ang mga kuwalipikado sa Title 1 na mga paaralang elementarya sa bawat estado – umaasa na maitaguyod ang pagbabasa, pagkamalikhain, at pagkukuwento.

IMPORMASYON SA PANANALIKSIK

Ang “Busload of Books Tour” ay nagbibigay ng isang pambihirang pagkakataon para sa mga mananaliksik na pang-edukasyon upang mas maunawaan ang epekto ng mga pagbisita ng manunulat at ilustrador sa mga estudyante, mga guro, at mga paaralan. Dahil dito, kami ay nagdisenyo ng isang survey na sumusukat sa iniisip at nararamdaman ng inyong mga estudyante tungkol sa pagbabasa at pagsusulat. Sasagutan ng mga estudyanteng makikibahagi ang isang 5-minuto survey bago ang pagpupulong, ang isa pa pagkatapos na pagkatapos, at ang ikatlo pagkalipas ng isang buwan. Sapagkat walang pangalan ang mga survey, hindi malalaman ng mga mananaliksik ang pangalan ng iyong anak o ang anumang impormasyong mapagkikilanlan.

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa ng mga propesor sa mga Departamento ng Edukasyon at Sosyolohiya sa Kolehiyo ng Washington sa Chestertown, Maryland. Ibabahagi ang karagdagang impormasyon tungkol sa proyekto sa pamamagitan ng ikalawang dokumento at online video.

PAHINTULOT NA MAKIBAHAGI SA PANANALIKSIK NA SURVEY

Ikaw ay may karapatang magdesisyon kung ang iyong estudyante ay makikibahagi sa proyektong pananaliksik na ito. Sa susunod na mga araw, makatatanggap ka ng isang form ng pahintulot na magbibigay-daan sa iyo upang isali o hindi ang iyong estudyante sa pag-aaral na ito. Tatanungin din ang iyong estudyante kung gusto niyang sagutan ang survey, at walang parusa kung tumanggi sila.

MGA KATANUNGAN?

Upang mas makilala sina Robbi at Matthew, bisitahin ang kanilang website o mga social account:

- Website: <https://robbiandmatthew.com/>
- Instagram: <https://www.instagram.com/robbi.and.matthew/>

Para malaman ang iba pa tungkol sa “Busload of Books Tour”, basahin ang artikulong ito mula sa *Publisher’s Weekly*:

- [“The Busload of Book Tour Thinks Big”](#) ni Joanne O’Sullivan

Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa pananaliksik, mangyaring makipag-ugnayan sa pangkat ng mga mananaliksik sa Kolehiyo ng Washington.

Dr. Sara Clarke-De Reza, Pinuno ng Pangkat ng mga Mananaliksik:
sclarkedereza2@washcoll.edu o research@robbiandmatthew.com